8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin
5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 2: Linggo 5**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
Rizza Capangyarihan Cortez (Pasay City West High School)
Norvin C. Aquerido (Emilio Jacinto National High School)

**Tagasuri:**
Ma.Victoria Culminas-Colis,Phd (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN / IKALAWANG KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | A.Naiuugnay ang Enlightenment at Rebolusyong Amerikano sa paglinang ng nasyonalismo at pagkabansa<br>1.Naisa-isa ang mga kaisipan na lumitaw sa panahon ng Enligthenment.<br>2.Natatalakay ang kaugnayan ng Enlightenment na nakatulong ng malaki sa paglinang ng Rebolusyong Amerikano.<br>3.Nakakagawa ng mga mungkahi o solusyon sa mga isyung panlipunan,ekonomiya at pampolitika gamit ang mga ideya na lumitaw sa panahon ng Kaliwanagan sa kasalukuyan. |
| **C. Nilalaman** | E.Panahon ng Absolutismo, Liberalismo at Enlightenment<br>1. Mga mahalagang pangyayari sa Panahon ng Kaliwanagan<br>2. Rebolusyong Amerikano |
| **D. Integrasyon** | Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment)<br>Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change)<br>Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa (Culture, Identity, and Nationhood) |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Duignan, B. (2024, March 28). *Enlightenment | Definition, Summary, Ideas, Meaning, History, Philosophers, & Facts*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Enlightenment-European-history


*Absolutism | Definition, History, & Examples*. (1998, July 20). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/absolutism-political-system

Girvetz, H. K., Ball, T., Minogue, K., & Dagger, R. (2024, March 29). *Liberalism | Definition, History, & Facts*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/liberalism

Wallace, W. M. (2024, April 19). *American Revolution | Causes, Battles, Aftermath, & Facts*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/American-Revolution

| |
|---|
| https://www.britannica.com/topic/history-of-Europe/Absolutism#ref58377<br>*History of Europe \| Summary, Wars, Map, Ideas, & Colonialism.* (2024, March 5). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/history-of-Europe/Absolutism |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**Maikling Balik-aral (AKROSTIC)**<br>Ang mga mag-aaral ay bubuo ng mga salita mula sa letra ng "IMPERYO" upang maibuod ang huling paksang tinalakay. Matapos gamit ang mga salitang binanggit ng mga mag-aaral ay iproseso ang mga ito sa pamamagitan ng malayang talakayan.<br>I-______________________<br>M-______________________<br>P-______________________<br>E-______________________<br>R-______________________<br>Y-______________________<br>O- ______________________ | Maari magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa pagkakaunawa sa nakaraang aralin. Maari iproseso ang sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng "scaffolding". |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (SURI-LARAWAN)**<br>Magpapakita ng isang larawan sa klase matapos ay mabibigay ng tatlong salita na sa tingin nila ay may kinalaman sa larawan. Matapos ay sasagutan nila ang mga sumusunod na katanungan.<br><br>Liberty Leading the People ni Eugene Delacroix (1830)<br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:France-003348_-_Liberty_Leading_the_People_%2816238458795%29.jpg | Maari magkakaiba ang kanilang sagot batay sa pagkakaunawa sa larawan. Inaasahan na mababaggit ng mga mag-aaral ang mga salita tulad ng rebolusyon, himagsikan at kalayaan. Iugnay ito sa konsepto ng pagkamit ng liwanag sa pamamagitan ng pagbabalik aral sa mga nakaraang talakayan sa kolonyalismo at imperyalismo<br><br>Bago ipakita ang larawan, maari magkaroon ng kaunting |

| | | |
|---|---|---|
| | Gabay na Tanong<br><br>1.Anong mensahe ang nais ipahiwatig na nasa larawan?<br>2. Sa iyong palagay, anong dahilan ng kung bakit ganiyan ang nangyari sa larawan?<br>3. Anong mga pangyayari sa ating kasaysayan ang halos kahalintulad ng larawan na ito?<br><br>**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (DICE NG KARUNUNGAN)**<br>Ang dice ay naglalaman ng mga salita na kailangan bigyan ng kahulugan ng mga mag-aaral.Ihahagis ang dice at kung anong salita ang lalabas sa dice ay siyang bibigyan ng kahulugan ng mag-aaral.<br> | background tungkol kay Eugene Delacroix.<br><br><br><br>Inaasahang sagot:<br>1.Monarkíya ay uri ng pamahalaan na pinamumunuan ng monarka<br>2.Kolonya-Ang kolonya ay ang tawag sa mga lupang nasakop mula sa kolonyalismo.<br>3.Deklarasyon-pahayag, pagpapahayag, badya, saysay. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa #1 (AGE OF ENLIGHTENMENT)**<br>**Pagproseso ng Pag unawa (SHOW AND TELL)**<br>Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang kilalang pilosopo na umusbong noong “Age of Enlightenment”<br>Group 1- Jean Jacques Rousseau<br>Group 2- Francois Marie Arouet Voltaire<br>Group 3- John Locke<br>Group 4- Thomas Hobbes<br>Group 5- Baron de Montesquieu<br>Gamit ang graphic organizer ay ipapakilala nila sa klase ang nagawa ng bawat pilosopo na naka-assign sa kanilang pangkat. | Maari ibigay ng guro sa mga mag-aaral ang mga sanggunian na ito para makapagsaliksik sa mga kilalang Pilosopo.<br><br>https://www.britannica.com/event/Enlightenment-European-history<br><br>https://www.britannica.com/topic/absolutism-political-system |

## Pangalan at Larawan ng Pilosopo

| Maikling impormasyon tungkol sa Pilosopo | Mga konsepto/salita na may kinalaman sa Pilosopo | Kaisipan na kanyang pinapalaganap |
| --- | --- | --- |


Matapos ay iprepresenta ng bawat pangkat ang kanilang nakalap na impormasyon tungkol sa pilosopo na kanilang sinaliksik. Ang guro naman ay ipapakita ang talata na ito at iuugnay sa ginawang gawain ng bawat pangkat.

*Ang Enlightenment ay tumutukoy sa pilosopiyang umunlad sa Europe noong ika 18 siglo,maaari ring sabihing ito ay isang kilusang intelektwal,.Ang Enligthenment ay binubuo ng mga iskolar na nagtangkang iahon ang mga Europeo mula sa mahabang panahon ng kawalan ng katwiran at pamamayani ng pamahiin at bulag na paniniwala noong Medieval Ages.Ang ambag ng ng mga intelektwal na ito ang nagsilbing pundasyon ng mga modernang ideyang may kinalaman sa pamahalaan,edukasyon,demokrasya at maging sa sining.Ang mga Intelektwal na ito ay nakilala bilang mga philosophe o grupo ng mga intelektwal na humikayat sa paggamit ng katuwiran,.kaalaman at edukasyon sa pagsugpo sa pamahiin at kamangmangan.Sinuri nila ang kapangyarihan ng relihiyon at tinuligsa ang kawalan ng klatarungan sa lipunan.*

*Sanggunian: https://www.britannica.com/event/Enlightenment-European-history*

**Pinatnubayang Pagsasanay (TALULOT NG KARUNUNGAN)**

Ang mga mag-aaral ay Isusulat sa talulot ng bulaklak ang mga pangunahing kaisipan na mga sumusunod na manunulat. Magkaroon ng malayang talakayan batay sa mga nakalap na kasagutan




https://www.britannica.com/topic/liberalism

https://www.britannica.com/event/American-Revolution

https://www.britannica.com/topic/history-of-Europe/Absolutism#ref58377

https://www.britannica.com/topic/history-of-Europe/Absolutism

Inaasahang Sagot:
Thomas Hobbes- Ang pamahalaan ay dapat mangalaga sa kaligtasan ng tao

**Paglalapat at Pag-uugnay (MY IDEAS ABOUT FREEDOM)**

Ngayon ay natalakay ang mga kaisipan ng mga sumusunod na Pilosopo tungkol sa konsepto ng pamahalaan, kapangyarihan at kalayaan. Ang mga mag-aaral naman ang bubuo ng sarili nilang kaisipan sa pamamagitan ng pagbuo ng sarili nila kasabihan na may kinalaman sa kalayaan batay sa mga natutunan sa mga iba't ibang pilosopo.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa #2 (REBOLUSYONG AMERIKANO)**

**Pagproseso ng Pag-unawa (THINK, PAIR AND SHARE)**

Ang mga mag-aaral ay papanoorin muna ang isang video na may kinalaman sa mga mahahalagang kaganapan noong "American Revolution".

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=HlUiSBXQHCw

Matapos mapanood ay hahanap ng makakatambal ang mga mag-aaral. Itatala sa organizer ang mga nakuhang impormasyon batay sa kanilang napanood .Ibahagi at ipaliwanag sa klase ang mga naitalang impormasyon.




John Locke- Ang tao ay pantay-pantay na mangalaga sa karapatan ng buhay, kalayaan at ari-arian

Voltaire- Walang politikal o relihiyon ang dapat mangibabaw sa kapangyarihan.

Baron de Monstequie- Ang pamahalaan ay para sa tao

Rousseau- Ang tao ay pinanganak na malaya.

Inaasahan magkakaiba ang tugon ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa. Magkaroon ng malayang talakayan batay sa mga nabuong sagot ng mga mag-aaral

Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa napanood na video at sa mga sagot ng mga mag-aaral sa gawain. Mahalaga na maiugnay ang kinalaman ng Enlightenment sa pagsisimula ng Rebolusyong Amerikano.




**Pinatnubayang Pagsasanay (PANGATWIRANAN MO!)**

Magkakaroon ng isang maliit na debate sa klase kung saan ay pangatwiranan ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa katanungan.

*"May pagkakatulad o pagkakaiba ba ang naging karanasan ng mga Amerikano sa naganap na Rebolusyong Amerikano sa ginawang paglaban ng mga Pilipino sa Rebolusyong 1896 upang makamit ang kalayaan na inaasam mula sa kamay ng mananakop?"*

**Paglalapat at Pag-uugnay (ITANONG MO SA LARAWAN)**

Magpapakita ng mga sumusunod na larawan ang guro. Matapos ay pipili ang mag-aaral ng isang larawan na gusto nila kausapin. Sasagutan ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na katanungan.



| | | |
|---|---|---|
|  George Washington |  Benjamin Franklin |  Thomas Jeffereson |

Inaasahan na magkakaiba ang sagot ang mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaintindi sa aralin. Magkaroon ng malayang talakayan gamit ang mga tugon ng mga mag-aaral.

1. Bakit siya ang napiling larawan na gusto mo kausapin?
2. Ano ang mga bagay na nais mo sabihin sa kanya?
3. Anong isang tanong ang maari mo itanong sa larawan? Sa tingin mo ano ang kanyang isasagot sa iyong tanong?

Magkaroon ng malayang talakayan batay sa mga kasagutan ng mga mag-aaral.

Inaasahan na magkakaiba ang sagot ang mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaintindi sa aralin. Magkaroon ng malayang talakayan gamit ang mga tugon ng mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**Pabaong Pagkatuto (SAGOT KO TO!)**<br>Gamit ang inihandang "graphic organizer" Itatala ng mga mag-aaral kung paano binago ng Rebolusyong Pangkaisipan noong ika 18 siglo ang pagtingin ng mamamayan sa larangan ng relihiyon, ekonomiya at politika noon at sa kasalukuyan.<br><br> | Inaasahan na magkakaiba ang sagot ang mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaintindi sa aralin. Magkaroon ng malayang talakayan gamit ang mga tugon ng mga mag-aaral. |
| | **Pagninilay sa Pagkatuto (VENN DIAGRAM)**<br>Ang mga mag-aaral ay pupunan ang inihandang Venn Diagram kung saan ay iuugnay nila ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Age of Enlightenment at American Revolution. Matapos ay iproseso ang sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng malayang talakayan.<br><br> | Inaasahan na magkakaiba ang sagot ang mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaintindi sa aralin. Magkaroon ng malayang talakayan gamit ang mga tugon ng mga mag-aaral. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

<table>
<tr>
<td>A. Pagtataya</td>
<td colspan="3">Pagsusulit (MY CAMPAIGN POSTER)<br>Ikaw ay tatakbo bilang Kapitan ng inyong barangay. Gamit ang mga natutunang kaalaman sa aralin na ito bumuo ng isang campaign poster na may tagline kung sakali ikaw ang iboboto bilang kapitan ng inyong barangay.<br><br>Siguraduhin magamit ang mga konsepto o ideya ng aralin na ito sa pagbuo ng iyong poster at tagline. Mamarkahan ng guro ang gawa ng mga mag-aaral gamit ang mga sumusunod na pamantayan:<br><br>
<table>
<tr><td>Pamantayan</td><td>Puntos</td></tr>
<tr><td>Nilalaman- Malinaw na naipahayag ang mensahe ng pangangampanya at naiugnay sa aralin.</td><td>15 puntos</td></tr>
<tr><td>Organisasyon- Maayos ang pagkakabuo at pagkakalahad ng mga disenyo.</td><td>15 puntos</td></tr>
<tr><td>Pagkamalikhain- Orihinal at nakakawili ang binuong campaign poster</td><td>10 puntos</td></tr>
<tr><td>Kabuuhan</td><td>40 puntos</td></tr>
</table>
</td>
<td>Maari ipakita ang larawan na ito bilang halimbawa ng gagawing campaign poster.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>• ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>• ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>• ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |